
## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?



Sinasabi na ang mundo ay isang pandaigdigang pamayanan. Alam mo ba ang ibig sabihin nito? Nangangahulugan ito na ang mundo ay binubuo ng maraming bansa at mga tao ng iba't ibang kultura.

Isa rin itong malaking pamayanan na ang mga tao ay nagtutulungan. Sa isang pamayanan, ang mga tao ay handang magbigay ng tulong sa mga nangangailangan ng pagkain o damit. Kung mayroong mga sakuna at kalamidad na nangyayari tulad ng lindol, pagputok ng bulkan, at giyera, ang mga tao ay nagtitipon-tipon at nagtutulungan.

Dapat magtulungan ang mga bansa sa mga panahon ng krisis. Ang lahat ng bansa sa mundo ay nararapat na magtutulungan para sa kapayapaan at kaunlaran. Ang nakagawian na pagtutulungan ng mga bansa sa bawat isa ay tinatawag na tulong internasyonal.

Ang modyul na ito ang tutulong sa iyo upang maunawaan mo ang tulong internasyonal. Nahahati ito sa dalawang aralin:

Aralin 1 – *Ano ang Tulong Internasyonal?*

Aralin 2 – *Ang Dulot ng Tulong Internasyonal*

## Anu-ano ang Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang makakaya mong:

- maipaliwanag ang kahulugan ng tulong internasyonal;
- mailarawan ang iba't ibang uri ng tulong internasyonal;
- mailarawan kung paano nakaaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay ang mga tulong internasyonal; at
- masuri ang mga benepisyo at mga suliranin ng tulong internasyonal.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago pag-aralan ang modyul, sagutin ang mga tanong sa ibaba upang makita kung gaano na kalawak ang nalalaman mo ukol sa tulong internasyonal. Isulat ang **Totoo** kung tama ang pangungusap. Isulat ang **Mali** kung ito ay hindi tama.

1. Ang tulong internasyonal ay ibinibigay lamang sa mga panahon ng mahigpit na pangangailangan. ______________
2. Ang tulong multilateral ay ibinibigay ng isang bansa sa isa pang bansa. ______________
3. Ang tulong debelopmental ay para sa pagpapaunlad ng ekonomiya at mga pangunahing serbisyo ng isang bansa. ______________
4. Ang tulong ay maaaring ibigay sa anyong kagamitan, serbisyo o pera. ______________
5. Ang tulong ay dumarating bilang isang utang lamang. ______________
6. Ang tulong pantao o humanitaryan ay ibinibigay upang mapangalagaan ang kapakanan ng ibang tao. ______________
7. Ang tulong na kagamitan ay maaaring ibigay sa inyong pagkain, damit, gamot at iba pang bagay. ______________
8. Ang donor ay siyang tumatanggap ng tulong. ______________
9. Ang recipient ay siyang nagbibigay ng tulong. ______________
10. Ang tulong bilateral ay ibinibigay ng United States Agency for International Development (USAID). ______________

Ano ngayon ang masasabi mo tungkol sa pagsusulit? Nakuha mo ba lahat? Ihambing ang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 45.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, magaling. Ibig sabihin, marami ka nang alam tungkol sa paksa. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul para mas madagdagan pa ang iyong kaalaman. Malay mo, may bago ka pa ring matututuhan.

Huwag kang malungkot kung mababa ang nakuha mo. Ibig sabihin lamang, para sa iyo ang modyul na ito. Makatutulong ito para maunawaan mo ang mahahalagang kaisipang mailalapat sa iyong araw-araw na buhay. Kapag pinag-aralan mong mabuti ang modyul na ito, makukuha mo ang lahat ng sagot. Handa ka na ba?

Maaari mo nang simulan ang Aralin 1.

# Ano ang Tulong Internasyonal?

Ang araling ito ay magtuturo sa iyo tungkol sa tulong internasyonal. Sa araling ito, makikita mo kung paano nagtutulungan ang mga bansa sa panahon ng krisis. Matututuhan mo rin kung paano tumulong sa ngayon ang mas mauunlad na bansa sa mga mas maliliit at mas mahihirap na bansa.


Pagkatapos ng Aralin 1, inaasahang makakaya mo nang:

- ♦ maipaliwanag ang kahulugan ng tulong internasyonal;
- ♦ mailarawan ang iba’t ibang uri ng tulong internasyonal at kung saan ang mga pinagkukunan nito; at
- ♦ matukoy ang mga sitwasyon kung saan kinakailangan ang tulong internasyonal.


## Basahin Natin Ito

Noong 1991, sumabog ang bulkang Pinatubo sa Zambales. Nagdulot ito ng makapal at malawakang pag-ulan ng abo. Nang dumating ang tag-ulan, makalipas ng ilang buwan pagkatapos ng pagsabog, naging lahar ang abo at umabot ito sa lalawigan ng Pampanga. Sinira nito ang lahat ng dinaanan. Ito ang naging sanhi ito ng pagkawasak ng mga pamayanan at kumitil din ng maraming buhay. Ang mga residente ng Pampanga ay naapektuhan. Basahin ang kuwento sa ibaba upang mas marami kang matututuhan.


Ana Balita : Magandang umaga! Ito si Ana Balita, nag-uulat mula sa bayan ng Bacolor, Pampanga. Makikita natin na ang Bacolor ay lubhang naapektuhan ng pagsabog ng Bulkang Pinatubo. Kapanayamin natin ang isa sa mga kapitan de barangay, si Kapitan Bert Pimentel ng Barangay Cabalantian.



Magandang umaga, Kapitan. Maaari po ba ninyong sabihin sa ating mga manonood kung paano naapektuhan ang inyong barangay sa pagsabog ng bulkan?



Kap. Bert : Magandang umaga, Ana. Ang aming barangay ay apektado ngayon ng lahar.




Maraming bahay at gusali ang nalibing sa lahar. Maraming tao ang nawalan ng tahanan o walang matirhan.

Halos wala nang pagkain at tubig na maiinom ang mga mamamayan ng Bacolor. Nagugutom at nauuhaw na sila. Basang-basa at nilalamig din sila dahil sa patuloy na pag-ulan. Kailangan namin ng mga damit, kumot, at banig.

Ana Balita : Paano naman po ang isinasagawang pagsasagip doon sa mga di nakaalis sa kani-kanilang bahay?




Kap. Bert : Sa kasalukuyan, natabunan na ng lahar ang halos lahat ng bahay sa Barangay Cabalantian. Marami nang namatay dahil sa lahar. Ilan sa mga residente ay nasa bubong ng kani-kanilang bahay at naghihintay ng tulong. Ginagawa ng pamahalaan ang lahat ng makakaya upang iligtas ang mga tao.



Ana Balita : Saan po namamalagi ang evacuees?

Kap. Bert : Wala pa silang matutulugan. Wala po tayong sapat na pera para magpatayo ng mga tolda o pansamantalang masisilungan. Sa ngayon, ang mga nawalan ng tirahan ay natutulog sa evacuation centers sa malalapit na paaralan.




Ana Balita : Paano naman po ang kalusugan ng mga nasalanta?

Kap. Bert : Problema din ‘yan. Marami na sa kanila ang may sipon at lagnat. Marami rin ang mga sugatan. Kailangang-kailangan namin ang mga gamot at pangangalagang medikal.



Ana Balita : Paano naman po ang mga daan at tulay?


Kap. Bert : Dahil sa lahar, lahat ng daan at tulay ay wasak na. Karamihan sa mga daan, tulay, bahay at gusali ay natabunan na ng lahar.




Batang Lalaki: Kapitan Bert! Kapitan Bert! May mga trak na dumarating, may dalang pagkain at iba pa!

Kap. Bert : ‘Yan na siguro ang tulong internasyonal na hinihintay natin!

Ana Balita : Bagong pangyayari ito! Kapitan, maaari ba ninyong ipaliwanag sa ating mga manonood kung ano ang tulong internasyonal?



Kap. Bert : Marami ang naitutulong sa amin ng ating pamahalaan. Pero, nangangailangan pa rin kami ng pera at mga kagamitan. Buti na lang, mayroong tulong internasyonal. Tulong ito mula sa ibang bansa at mga organisasyong internasyonal. Ipagpaumanhin mo muna ako, kailangan asikasuhin ito.



Ana Balita : Marami pong salamat, Kapitan. Sa mga nanonood nitong programa, nakita po ninyo kung paano naapektuhan ang Bacolor ng pagsabog ng bulkan. Babalik po ako, hatid ang mga bagong balita. Ito po si Ana Balita, nag-uulat para sa News Daily. Mag-antabay po kayo!



## Magbalik-aral Tayo

Nabasa mo ang tungkol sa pagsabog ng Bulkang Pinatubo at pananalanta ng lahar na nangyari noong 1991. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

1. Ano ang mga pangangailangan ng mga mamamayan ng Bacolor?

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________


2. Ano ang tulong internasyonal?

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 45.



## Alamin Natin

Ang pagsabog ng Bulkang Pinatubo noong 1991 ay isang kalamidad na marami sa ating kababayan ang naapektuhan. Nawalan ang mga tao ng mga tirahan at hanapbuhay. Marami ang nasugatan at nagkasakit dahil sa maruruming *evacuation centers*. Lubhang kailangan ang pagkain, damit, gamot, at karampatang masisilungan. Mabuti na lamang at maraming dayuhang bansa at organisasyong internasyonal ang nagbigay ng tulong sa atin.

Ang tulong internasyonal ay ang tulong na ibinibigay ng isang bansa sa isa pang bansa. Nagtutulungan ang mga bansa tulad ng pagtulong mo sa iyong kapitbahay sa panahon ng krisis. Kung may mga kalamidad na nangyayari sa iba't ibang panig ng mundo, ibinibigay ang tulong internasyonal. Kung ang isang bansa ay walang sapat na pera para sa kaunlaran, tumutulong din ang ibang bansa.

Sa panahon ng giyera, o kapag nangyayari ang mga kalamidad tulad ng lindol o baha, ang tulong internasyonal ay ibinibigay sa mahihirap na bansa. Ito ay tinatawag na *emergency relief* o **tulong humanitaryan**. Mahalagang tandaan na ang emergency relief ay ibinibigay kung mayroong mga taong naghihirap o nanganganib dahil sa isang kalamidad o giyera.

Ang emergency relief ay ibinibigay kapag may:

- Lindol
- Baha
- Bagyo
- Giyera
- Pagsabog ng bulkan
- Pagguho ng mga bundok, atbp.

## Pag-isipan Natin Ito


Ano ang naiisip mo kapag narinig mo ang salitang "tulong"? Karamihan sa mga tao ay iniuugnay ang tulong sa pera. Samakatuwid, kapag may tulong na ibinigay, inaasahan nating ito ay pera. Ngunit pera lang ba ang nag-iisang uri ng tulong na ibinibigay ng mga organisasyon at bansa? Paano naman ang mga damit, gamot at iba pang pangunahing pangangailangan na kailangang mapunan? Nagbibigay rin ba sila ng tulong hinggil sa mga pangunahing pangangailangan?

Pagnilayan ang mga sagot mo sa mga katanungang ito. Pagkatapos, basahin ang susunod na bahagi upang malaman ang mga kasagutan.


## Basahin Natin Ito

Basahing muli ang tungkol kay Ana Balita habang nagbibigay siya ng mga balita't impormasyon kaugnay ng tulong internasyonal.

Ana Balita : Magandang hapon. Ito si Ana Balita, nag-uulat mula sa evacuation centers dito sa Pampanga. Ngayong araw, maraming trak at tao ang dumating upang tulungan ang mga mamamayang naapektuhan ng pagsabog ng bulkan at pag-agos ng lahar. Kapanayamin natin si Kapitan Bert upang pag-ibayuhin ang ating kaalaman.




Kap. Bert : Oo, Ana. Maraming tao ang dumating ngayong araw upang tulungan tayo. Ang iba sa kanila ay mga kinatawan ng ibang bansa. Nandito sila upang bigyan tayo ng tulong.




Ana Balita : Kapitan, maaari niyo bang ipaliwanag sa amin ang iba't ibang uri ng tulong internasyonal na kanilang ibinibigay sa inyo dito?

Kap. Bert : Oo ba, isang kasiyahan para sa akin ang magpaliwanag. Mayroong tatlong uri ng tulong internasyonal.




Una, ang tulong ay maaaring ibigay bilang KAPITAL. Ang kapital ay nangangahulugan na pondo, asset, o sa madaling salita, pera. Ang pera ay ibinibigay bilang tulong. Para sa mga mamamayan ng Barangay Cabalantian, nakatanggap kami ng pera upang makabili ng mga bagay na kinakailangan ng mga nasalanta ng kalamidad.





Ang pangalawang uri ng tulong ay nasa anyo ng KAGAMITAN.  Ito ay mga aktwal na bagay na ibinigay ng isang donor o tagabigay ng tulong, sa *recipient* o sa tumanggap ng tulong. Ang mga gamot, damit, pagkain, at mga kasangkapan sa konstruksiyon, at mga kagamitang medikal ay ilan sa mga halimbawa. Ang mga gamit para sa edukasyon tulad ng libro, mga kagamitan sa opisina at kasangkapan, at iba pang uri tulad ng mga makinarya at kasangkapang yari sa bakal ay itinuturing ding kagamitan. Ang aming mga donor ang nagbigay nitong mga kagamitan at natanggap namin ang mga ito.


Ana Balita : Bale ho, ang mga kagamitan ay ibinigay sa inyo sa anyo ng mga gamot, pagkain, kulambo, damit, at mga tolda?

Kap. Bert : Tama ‘yan, Ana. Pero hindi lang ‘yan. Mayroon ding tulong na ibinibigay sa anyo ng mga SERBISYO. Ito ay ang pangatlong uri ng tulong at ito ay ang paggawa o pagkilos para sa iba. Ang tulong internasyonal ay maaaring ibigay sa anyo ng serbisyo tulad ng ibinibigay ng mga *health workers*, mga doktor, mga nars, at mga *medical professionals.* Kahit mga gawain o trabaho ng mga guro, inhenyero, mga tagasaliksik at mga ekonomista ay itinuturing bilang serbisyo.





Ana Balita : Ano po ang mga serbisyong ibinigay ng tulong internasyonal sa Bacolor?



Kap. Bert : Dito sa Bacolor, makikita mo ang mga opisyal ng emergency relief at mga manggagawa ng operasyong pagliligtas. Tinutulungan nilang mailikas ang mga naninirahan sa mga apektadong lugar. Inililigtas din nila ang mga taong di makaalis sa mga mapanganib na lugar. May mga doktor at nars ding tumitingin sa mga maysakit at may kapansanan.

Ana Balita : Ayan po, mga kababayan. Ngayon alam na ninyo ang iba’t ibang uri ng tulong internasyonal. Nag-uulat mula sa Pampanga, ito si Ana Balita. Mag-antabay po kayo!



## Subukan Natin Ito

Nabasa mo ang tatlong uri ng tulong — kapital, kagamitan, at serbisyo. Tingnan kung matutukoy mo ang mga uri ng tulong sa mga inilalarawang sitwasyon sa ibaba. Isulat ang K para sa Kapital, G para sa kagamitan, at S para sa Serbisyo.


1. Nang maganap ang lindol sa Baguio noong 1990, maraming tagapagligtas ang dumating upang sagipin ang mga taong natabunan ng mga gumuhong gusali. __________
2. Maraming kahon ng mga de-lata ang ipinadala rin sa Pampanga para sa mga taong nawalan ng mga tahanan at bukid. ___________
3. Nagbigay ng halagang ₱300,000.00 ang iba't ibang bansa upang tulungan ang ating pamahalaan na makabili ng mas maraming kumot at banig para sa mga nasa evacuation centers. __________
4. Dahil sa kakulangan ng mga gusali at kasangkapan sa Mindanao, maraming bata ang hindi nakapag-aral kung kaya, ang mga guro ang siyang pumunta sa evacuation centers upang maturuan ang mga batang ito. __________
5. Nagbigay ng ₱2 milyon ang Japan upang tulungan ang lokal na pamahalaan ng Pampanga sa paggawa ng mga kalye't daan. __________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 45. Kung lahat ng sagot mo ay tama, napakagaling! Ngunit huwag sumama ang loob kung may iilan kang pagkakamali. Magpatuloy lang sa pagbabasa upang mas may matutuhan ka pa.


Maliban sa mga dagliang tulong o mga tulong humanitaryan, ano pa ang mga uri ng tulong internasyonal na ibinibigay sa mahihirap at papaunlad na bansa? Ang tulong ba ay ibinibigay para sa pagpapagawa ng mga tulay at mga paaralan? Ipagpatuloy ang pagbabasa nang malaman ang mga sagot sa mga tanong na ito.


## Basahin Natin Ito

Maraming bansa ang tumulong sa mga mamamayan ng Bacolor, Pampanga. Nakatanggap ang mga tao ng pagkain, damit at gamot. Binigyan din sila ng mga serbisyong medikal. Ngunit sa kabila nito, mayroon pa ring mga suliranin ang mga mamamayan ng Barangay Cabalantian, Bacolor, Pampanga. Alamin ito sa ibaba.









Ana Balita : Magandang umaga. Ito si Ana Balita, nag-uulat para sa News Daily. Noong nakaraang taon, nandito po ako nang pumutok ang Bulkang Pinatubo at nakita po natin kung paano nawasak ng lahar ang bayang ito, lalo na ang Barangay Cabalantian. Nakita rin natin kung paano tinulungan ng ibang bansa ang barangay na ito at ang mga naninirahan dito.

Tingnan natin kung patuloy pa rin ang tulong internasyonal para sa mga mamamayan ng Bacolor. Kapanayamin natin si Kapitan Bert Pimentel. Magandang umaga, Kapitan Bert.

Kap. Bert : Magandang umaga, Ana.

Ana Balita : Kapitan, tumatanggap pa rin ho ba kayo ng tulong mula sa ibang bansa?

Kap. Bert : Nandito sila dati pero karamihan sa mga tagapagligtas mula sa ibang bansa ay umalis na.

Ana Balita : Ganoon po ba? Bale, ito na po ba ang huling tulong internasyonal para sa mga mamamayan ng Barangay Cabalantian?

Kap. Bert : Hindi, ‘di ganoon ‘yun. Ang tulong internasyonal ay maaaring ibigay di lamang tuwing may krisis kundi maaari ring ibigay ito para sa kaunlaran ng isang bansa.

Hindi lamang ang aming tahanan ang ibinaon ng lahar kundi pati rin ang aming pinagkakakitaan, trabaho at kabuhayan. Nasalanta ang mga bukid at natigil ang maliliit na kalakalan. Kaya karamihan sa mga residente ng Barangay Cabalantian ay walang pera para suportahan ang kanilang pangangailangan. Mabuti na lamang at may tulong internasyonal para sa kaunlaran.



## Pag-isipan Natin Ito

Matapos mailigtas ang mga nasalanta, ano, sa tingin mo, ang mga naging suliranin ng mga mamamayan ng Bacolor na dapat mabigyan ng lunas? Matutulungan ba sila ng pamahalaan? Paano? Sa tingin mo ba ay kinakailangang muli ang tulong internasyonal upang lutasin ang mga suliraning ito? Pag-isipan ang sagot mo sa mga tanong na ito at isulat sa ibaba.

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

Tapos na? Ihambing ang mga sagot mo sa talatang ito:

Matapos mailigtas ang mga nasalanta, kinakailangang ibangon ng mga mamamayan ng Bacolor ang kanilang bayan. Ang mga bahay, paaralan, tulay, at iba pang inprastraktura ay kinailangan upang manumbalik ang kanilang normal na pamumuhay. May pangangailangan din para sa mga programang pangkabuhayan dahil wala nang mga trabaho at pagkakakitaan ang mga tao. Sa madaling salita, ang bayan ay kailangang paunlaring muli. At ito ay tungkulin ng pamahalaan. Ngunit alam natin na hindi ito kakayaning mag-isa ng pamahalaan. Kailangan ang tulong sa pagbibigay ng pondo para sa mga proyektong ito. Ang tulong internasyonal ay kailangang muli upang ibangon ang bayan ng Bacolor.

## Alamin Natin

Ang tulong internasyonal ay ibinibigay rin para sa kaunlaran. May mga bansang may pangit na mga daan at tulay, suliraning pangkalusugan, kakulangan sa programang pangkabuhayan at iba pa. Ang ibang bansa ay nangangailangan ng mas maraming paaralan at ospital. Para sa lahat ng ito, ang isang bansa ay nangangailangan ng tulong ng ibang bansa. Ang tulong internasyonal ay ibinibigay upang magpagawa ng tulay, bahay, ospital, at paaralan. Maaari rin silang magbigay ng mga serbisyo at kagamitan upang matulungang umunlad ang isang mahirap na bansa.

Ang tulong para sa kaunlaran ay maaaring ibigay bilang isang kaloob (grant) o utang (loan).

Naririto ang mga pangkalahatang bahagi ng kaunlaran na tumatanggap ng tulong:


- ♦ Edukasyon
- ♦ Inprastraktura tulad ng daan, tulay, gusali
- ♦ Kalusugan
- ♦ Kapaligiran
- ♦ Agham at Teknolohiya
- ♦ Pagkain at Agrikultura

Naririto kung paano gumagana ang tulong para sa kaunlaran:


Nangangailangan ang Pilipinas ng malaking halaga para sa kaunlaran —




Ang kaunlaran ay para sa mga pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan, maayos na mga daan at tulay, pagpapabuti sa kalagayan ng edukasyon, pangangalaga ng kapaligiran, mas mabisang paraan ng pagsasaka at iba pa.



Kalimitan, ang pamahalaan ng Pilipinas ay walang pera upang mabigyan ng pondo ang proyekto para sa kaunlaran —



Dito pumapasok ang tulong internasyonal. Ang mga donor ay nagbibigay ng tulong sa pamamagitan ng kaloob at utang para sa mga natatanging proyekto.




Ang utang ay perang ipinahihiram ng donor na kailangang bayaran ng recipient. Ang kaloob ay tulong na hindi na kailangang bayaran.


Sa pamamagitan ng tulong para sa kaunlaran, ang pamahalaan ay may pera na upang makapagpagawa ng mga daan, tulay, ospital at paaralan na nasira ng lahar. Makapagpapatayo na rin ang pamahalaan ng mga bahay para sa ating mga kababayang walang matirhan.




## Subukan Natin Ito

Maraming kadahilanan kung bakit kailangan ng ating bansa ang tulong. Tingnan ang kahon sa ibaba at ang mga larawan. Anong uri ng tulong ang ipinapakita ng bawat larawan? Pumili mula sa mga sagot sa loob ng kahon. Isulat ang letra na iyong napili sa puwang na nakalaan sa ibaba ng mga larawan.


a. tulong para sa inprastraktura
b. tulong sa edukasyon
c. dagliang tulong tuwing may lindol
d. tulong para sa kapaligiran
e. tulong para sa pagkain at agrikultura
f. dagliang tulong para sa pagbabaha
g. dagliang tulong tuwing may giyera
h. dagliang tulong tuwing may pagsabog ng bulkan
i. tulong para sa kalusugan

1. 


______

2. 

______

3. 

______

4. 


______

5.




_____

6.




_____

7.



_____

8.



_____

9.




_____


Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 46.

## Alamin Natin

Dagdagan ang kaalaman mo tungkol sa tulong internasyonal para sa kaunlaran. Basahin ang mga kuwento ng Sitio Asul at Barangay Niyog.




Ang Sitio Asul ay isang pamayanan sa tabi ng dagat. Ang mga residente dito ay pawang mangingisda. Ang dagat ay sagana sa isda at iba pang produktong dagat tulad ng halamang dagat. Subalit, karamihan sa mga mangingisda ay mahihirap at hindi kayang bumili ng sariling bangka at mga kagamitan sa pangingisda. Wala silang pera para bumili ng kanilang mga gamit. Sa kasong ito, ang tulong internasyonal ay maaaring ibigay sa pagpapaunlad ng Sitio Asul.




Upang makapagbigay ng tulong sa anyo ng kaloob, ang donor ay maaaring magbigay ng mga kagamitan tulad ng mga bangka at iba pang kaugnay na

kagamitan sa pangingisda sa mga mamamayan ng Sitio Asul. Ang donor ay maaari ring magbigay ng kapital o pera sa isang ahensiya ng pamahalaan tulad ng *Bureau of Fisheries*. Ang tanggapang ito ang gagawa ng mga proyekto upang tulungan ang mga mangingisda na makapaghanapbuhay.



Maaari ring mapaunlad ng mga mangingisda ng Sitio Asul ang kanilang pamayanan sa pamamagitan ng pag-aaral kung paano mapangangalagaan ang kapaligiran at ang mga yaman nito. Ang mga dalubhasa sa kapaligiran, mga inhenyero, siyentista, at guro ay maaaring magbigay ng kanilang mga serbisyo sa mga mamamayan ng Sitio Asul.



Kapag ang tulong ay ibinigay sa pamamagitan ng isang utang, ang bansa o organisasyon ay nagpapahiram ng pera sa pamahalaan. Gagamitin ng pamahalaan ang pera upang gumawa ng mga proyekto para sa mga mangingisda sa Sitio Asul. Matapos ang takdang panahon, ang pera ay dapat bayaran ng bansang tumanggap ng tulong.

Ngayon, basahin naman ang tungkol sa Barangay Niyog at tingnan kung paano ito tumanggap ng tulong para sa kaunlaran ang mga residente dito.





Masagana sa puno ng niyog ang Barangay Niyog. Kilala ang niyog bilang puno ng buhay at ito ay maraming gamit. Maaari itong gamitin sa paggawa ng sabon, langis, mga produktong pagkain tulad ng bukayo at nata de coco, at marami pang iba. Ngunit kopra lamang ang ginagawa ng mga residente ng Barangay Niyog mula sa buko. Kung alam sana nila ang iba pang gamit ng puno ng niyog, mas kikita sila ng pera.



Sa kasamaang palad, walang alam ang mga magsasaka tungkol sa bagong teknolohiya na magagamit nila. Walang isa man lang sa Barangay Niyog ang may alam kung paano gumawa ng iba pang produkto mula sa niyog. Paano mapakikinabangan ng mga magsasaka ang tulong internasyonal?

Maaaring serbisyo ang ibigay ng mga donor. Sa pagkakataong ito, ang serbisyong dapat ibigay ay tulong teknikal. Ito ay tulong sa pagpapatupad ng mga pag-aaral tungkol sa patakaran, pagbibigay ng payo, at pagsuporta sa mga proyekto.





Kung tatanggap ang Barangay Niyog ng tulong teknikal mula sa isang donor, maaari itong ibigay sa iba't ibang anyo. Ang donor ay maaaring tumulong sa pamahalaang tatanggap nito, upang gumawa ng isang pananaliksik kung paano matutulungan ang mga magsasaka sa Barangay Niyog. Ang pananaliksik na ito ay tinatawag na pag-aaral tungkol sa patakaran. Ang mga mananaliksik, ekonomista, inhenyero, at iba pang propesyonal ay mag-iisip ng isang proyekto at ang kanilang serbisyo ay bahagi ng tulong teknikal.

Kapag ang proyekto ay ipinatutupad na, tuloy-tuloy din ang pagbibigay ng serbisyo. Ang tulong teknikal mula sa mga inhenyero, siyentista, at mga teknisyan mula sa donor na bansa o organisasyon ay tutulong sa mga magsasaka at magpapayo sa kanila kung paano gumawa ng mga produkto mula sa niyog.

Ang mga serbisyong ito ay maaaring gastusan ng donor sa pamamagitan ng kaloob, utang, o kombinasyon ng dalawa.

## Magbalik-aral Tayo

Batay sa nabasa mo, sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Paano tumanggap ng tulong para sa kaunlaran ang Sitio Asul?

   ______________________________________________________

2. Ano ang kaibhan ng isang kaloob sa utang?

   ______________________________________________________

3. Ano ang tulong teknikal? Paano tumanggap ang Barangay Niyog ng tulong teknikal?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

Upang malaman kung tama ang mga sagot mo, balikan ang mga nakaraang pagtalakay.



## Subukan Natin Ito

Nais mo bang malaman kung saan nanggagaling ang tulong internasyonal? Bago natin pag-usapan ang paksang ito, gawin muna itong pagsasanay. Maglaro muna tayo sa pamamagitan ng Hanapin ang Salita!

### Hanapin ang Salita


Hanapin ang sumusunod na salita sa palaisipan. Ang salita ay maaaring nakalagay nang patayo, pahalang, palihis o kahit pabaligtad. Bilugan ang mga salitang iyong nahanap.

| | | |
|---|---|---|
| UNITED NATIONS | WORLD BANK | RED CROSS |
| ADB | UNDP | UNICEF |
| AUSAID | PNRC | CANADA |
| USAID | JAPAN | |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| I | L | A | G | N | U | P | S | G | Y |
| S | Q | B | F | I | K | S | Z | X | T |
| T | U | W | E | N | O | O | Q | F | E |
| O | N | M | G | R | S | U | S | A | I |
| P | I | M | C | Z | U | L | B | U | P |
| L | T | D | R | X | C | I | R | N | N |
| K | E | E | K | N | A | B | D | L | R |
| R | D | M | C | F | N | H | D | H | C |
| U | N | C | V | E | A | Y | T | V | R |
| G | A | D | B | C | D | B | N | M | L |
| M | T | P | O | I | A | P | Z | X | C |
| V | I | S | I | N | U | Y | T | R | E |
| Z | O | R | A | U | S | A | I | D | W |
| X | N | W | Q | A | S | G | D | F | H |
| F | S | E | W | E | R | T | Y | U | I |

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 46.

Natuwa ka ba sa paghahanap ng mga salitang kailangan mo? Ito ay mga salitang mahalaga sa maraming tao sa buong mundo. Ito ay ang iba't ibang organisasyon na nagbibigay ng tulong. Ating higit na alamin ang tungkol sa iba't ibang donor ng tulong internasyonal.



## Alamin Natin

Sa bawat tulong internasyonal, mayroong isang donor at recipient.

- Ang isang donor o may kaloob ay ang organisasyon o bansa na nagbibigay ng tulong.
- Ang recipient o pinagkalooban ay ang bansang tumatanggap ng tulong.

Ang mga donor ng tulong internasyonal ay nahahati sa tatlo — *multilateral, bilateral,* at *humanitarian*.

### Ang Multilateral na Tulong Internasyonal

Kapag ginamit natin ang salitang multilateral, tinutukoy natin ang tulong mula sa maraming bansa. Ito ay mga organisasyong kinabibilangan ng iba't ibang bansa.

Mayroong iba't ibang organisasyong multilateral na nagbibigay ng tulong. Pag-uusapan sa modyul na ito ang mga nangunguna at aktibong organisasyon na nagbibigay ng tulong sa Pilipinas.

1. **United Nations**

   Ang United Nations o UN ay isang organisasyong internasyonal na binuo pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Halos lahat ng bansa sa mundo ay kasapi ng UN. Sa kasalukuyan, 189 bansa ang kasapi dito.

   Upang makatugon sa mga suliranin at usapin sa buong mundo, nagtatag ang UN ng iba't ibang ahensiya. Ang mga ahensiyang ito ay paraan ng UN sa pagbibigay ng tulong.

2. **World Bank**

   Ang World Bank ay natatanging ahensiya ng United Nations. Nagpapahiram ito ng pera at nagbibigay ng tulong sa mga bansang nangangailangan.

   Binubuo ang World Bank ng maraming bansa. Ang kapital ay nanggagaling sa mga kasaping bansa. Ihalintulad ang World Bank sa isang higanteng alkansiya — inilalagay ng mga bansa ang kanilang pera dito upang mapangalagaan. Maaaring hiramin ito ng ibang bansa para sa pagpapaunlad. Ang World Bank ay naghahandog ng maraming programa at proyekto para sa iba't ibang bansa.

3. **Asian Development Bank (ADB)**

Ang Asian Development Bank o ADB ay isang internasyonal na institusyong pinansiyal para sa kaunlaran. Ang ADB ay itinayo upang pag-ibayuhin ang pag-unlad ng ekonomiya sa rehiyon ng Asya-Pasipiko. Mayroon itong 57 bansang kasapi. Tulad ng World Bank, maaaring makahiram ng pera o makakuha ng kaloob para sa kaunlaran ang mga kasaping bansa.

Paano gumagana ang ADB? Tulad ng World Bank, ang ADB ay maaaring magpautang para sa mga proyektong pangkaunlaran. Halimbawa, kung ang isang bansa ay nangangailangan ng mas maraming daan at tulay ngunit walang pera sa pagpapagawa ng mga ito, maaaring magpahiram ng pera ang ADB. Ang ADB ay maaari ring magbigay ng tulong teknikal at gumawa ng mga plano sa kaunlaran, kasama ang kasaping bansa.

## Ang Bilateral na Tulong Internasyonal

Ang bilateral ay nangangahulugang ang tulong ay ibinibigay lamang ng isang bansa sa isa pang bansa. Kapag nagpasiya ang isang bansa na magbigay ng tulong internasyonal sa ibang bansa, ito ay tinatawag na bilateral na tulong internasyonal.

Tatalakayin sa modyul na ito ang mga bansang nagbibigay ng pinakamalaking tulong at ang mga ahensiyang kanilang itinatag para sa tulong internasyonal.

1. **Estados Unidos – United States Agency for International Development (USAID)**

Ang Estados Unidos ay isa sa mga pinakamalaki at pinakamayamang bansa sa mundo. Noon pa man, nagbibigay ito ng tulong sa Pilipinas. Ang USAID ay ang ahensiya na nagbibigay ng tulong sa mga papaunlad na bansa.

Paano gumagana ang USAID? Ang pera ng USAID ay nagmumula sa federal budget o badyet ng pamahalaang federal ng Estados Unidos. Nagpapahiram ito ng pera na pangmatagalan upang maigugol sa mga proyekto. Ang USAID ay nakikipagtulungan sa pamahalaan ng bansang nangangailangan ng tulong.

2. **Japan – Japan Official Development Assistance (ODA)**

   Pinakamayaman at pinakamaunlad na bansa sa Asya ang Japan. Ang Official Development Assistance (ODA) ng Japan ay nagsimula noong 1954. Sinimulan ng Japan ang proseso ng pagbibigay ng tulong sa mga papaunlad na bansa sa Asya. Buhat noon, ang Japan ay walang tigil na nagkakaloob ng tulong sa maraming papaunlad na bansa sa buong mundo.

3. **Australian Aid (AusAID)**

   *Australian Agency for International Development* ang ibig sabihin ng AusAID. Responsibilidad nito ang pangangasiwa ng pagbibigay ng tulong pinansiyal ng pamahalaang Australia sa iba't ibang bansa sa buong mundo. Dati itong kilala bilang *Australian Develpment Assistance Agency* (ADAA), pagkatapos ay *Australian Development Assistance Bureau* (AIDAB) at *Australian International Development Assistance Bureau* (AIDAB). Kasalukuyan ay may 25 misyong diplomatiko ito sa buong mundo sa ilalim ng *Australian Ministry of Foreign Affairs*.

4. **Canadian International Development Agency (CIDA)**

   Ang ahensiyang ito ay sumusuporta sa pangmatagalang programa ng pag-unlad ng buong mundo para puksain ang kahirapan at makatulong sa mas panatag, pantay-pantay at maunlad na daigdig. Sumusuporta rin ito sa mga pandaigidigang proyektong pangkaunlaran sa humigit na isang daang pinakamahihirap na bansa sa mundo.

## Ang Humanitaryang Tulong Internasyonal

Tuwing mayroong kalamidad o panahon nang may mahigpit na pangangailangan, nangangailangan ang mga bansa ng malaking halaga ng pera bilang tulong. Ito ang dahilan kung bakit mayroong mga organisasyon na nagkakaloob ng tulong humanitaryan.

Ang isang organisasyong humanitaryan ay siyang nagtataguyod ng pantaong kapakanan. Nangangahulugang ito ay may pag-aalala sa kapakanan ng mga mamamayan sa buong mundo. Marami ang mga organisasyong humanitaryan. Halimbawa, ang International Red Cross at Red Crescent Societies. Ito ay binubuo ng dalawang internasyonal na mga institusyon: ang International Committee of the Red Cross (ICRC) at ang International Federation of the Red Cross and Red Crescent Societies. Ang dalawang ahensiya ay may kaniya-kaniyang sariling mga layunin.

1. **International Committee of the Red Cross**

   Ang institusyong ito ay tumataguyod sa pagbibigay ng tulong sa panahon ng giyera o malawakang digmaan. Nagbibigay ito ng tulong at proteksiyon sa mga biktimang militar at sibilyan sa mga panahong nabanggit.

2. **International Federation of the Red Cross and Red Crescent Societies**

   Habang ang ICRC ay nagbibigay ng tulong kapag may mga armadong labanan, ang institusyon namang ito ay nag-aayos ng mga operasyon para sa tulong internasyonal sa panahon ng mga natural na kalamidad. Ang halimbawa ng mga natural na kalamidad ay mga bagyo, baha, lindol, atbp. Ang pederasyon ang nag-oorganisa ng pagtatayo ng mga National Societies, ang mga organisasyon ng Red Cross sa bawat kasaping bansa. Sa mga bansang Islam, ang krus (cross) ay pinapalitan ng isang pulang *crescent* dahil sa usaping relihiyon.

   Sa Pilipinas, ang *Philippine National Red Cross* (PNRC) ang kasapi ng pederasyon. Ito ang nagtataguyod ng mga dagliang tulong tulad ng serbisyong medikal at kawanggawa. Kasama rito ay ang first aid, pagsasanay ng mga nars, programa para kabataan, pagsalin ng dugo, atbp. Ang PNRC ay gumagalaw kasama ng ICRC sa mga tulong humanitaryan sa Mindanao kung saan maraming Muslim ang apektado.



## Pag-isipan Natin Ito

Alam mong ang ating bansa ay isang bansang Third World o papaunlad pa lamang. Nangangahulugan ito na ang ating pamahalaan ay halos hindi makayanan na matugunan ang mga pangangailangan ng mga mamamayan. Ito ang dahilan kung bakit humihiling tayo ng tulong internasyonal mula sa ibang bansa. Ngunit wala ba tayong magagawa upang tayo naman ang makapagbigay ng tulong sa ibang bansa? Sa tingin mo ba ay nagbibigay din ang ating bansa ng tulong internasyonal sa ibang bansa? Paano? Pag-isipan ang mga sagot mo sa mga tanong na ito. Pagkatapos, magpatuloy sa pagbabasa sa susunod na bahagi nitong aralin.

## Basahin Natin Ito

**Nagbibigay din ng Tulong ang Pilipinas!**



Isang mabuting kasapi ng global na komunidad ang Pilipinas. Tulad ng iba, tumutulong din ito sa ibang bansa. Ang Pilipinas ay kasapi ng mga organisasyong nagbibigay ng tulong pangkaunlaran tulad ng United Nations, World Bank at Asian Development Bank.

Sa panahon ng krisis, ang Pilipinas ay handa ring tumulong. Nagkakaloob ito ng pera, kagamitan at serbisyo sa ibang bansa. Halimbawa, noong 1998 ay nagpadala ng mga gamot ang Pilipinas sa mga biktima ng tidal wave sa Aitape, Papua New Guinea. Nang magkagulo sa East Timor noong 1999, maraming pangkat ng mga Pilipinong doktor at nars ang ipinadala upang magamot ang mga nasugatan.

Dapat nating tandaan na ang ating bansa ay isa ring responsableng kasapi ng global na komunidad. Bilang isang mabuting kapitbansa, tumutulong tayo sa ibang bansa sa panahon ng pangangailangan.



## Magbalik-aral Tayo

1. Paano nagbibigay ng tulong ang Pilipinas para sa kaunlaran ng ibang bansa?

   ______________________________________________________

2. Paano nagbibigay ng dagliang tulong ang Pilipinas sa ibang bansa?

   ______________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 47.



## Tandaan Natin

Ang tulong internasyonal ay tulong na ipinagkakaloob ng isang bansa sa isa pang bansa sa anyong:

- ♦ Kapital, pera o pondo;
- ♦ Kagamitan o materyal, pagkain, kasangkapan, damit, gamot, atbp.; at
- ♦ Serbisyo o serbisyong propesyonal tulad ng medikal, pang-edukasyon, pangkapaligiran na mga serbisyo, at tulong teknikal.

Ang bawat tulong internasyonal ay mayroong isang donor o may-kaloob at isang recipient o tagatanggap. Ang donor ang nagbibigay ng tulong. Ang recipient ang tumatanggap ng tulong.

Nangangailangan ng tulong ang mga bansa dahil sa:

1. Kaunlaran – upang mapaunlad ang ekonomiya sa pamamagitan ng mga pagsulong sa agrikultura, edukasyon, inprastraktura, kalusugan, atbp.

2. Dagliang tulong – sa mga panahon ng giyera, kalamidad, natural man o gawa ng tao.

Ang pinanggagalingan ng tulong internasyonal ay kinabibilangan ng sumusunod:

1. Multilateral – tulong na ipinagkakaloob ng maraming bansa sa pamamagitan ng isang organisasyon. Halimbawa, World Bank, ADB, UN.

2. Bilateral – tulong na ipinagkakaloob ng isang bansa sa isa pang bansa. Kalimitang nagbibigay ng tulong ang mga bansa sa pamamagitan ng sarili nilang mga ahensiya. Ang Estados Unidos ay mayroong USAID, AUSAID para sa Australia, JICA sa Japan, CIDA para sa Canada.

3. Humanitaryan – tulong na ibinibigay para sa kapakanan at pangangalaga ng ibang tao sa panahon ng giyera o kalamidad.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Basahin ang sumusunod na pangungusap. Kung sa tingin mo ay tama ang pangungusap, isulat ang Tama sa nakalaang patlang. Kung sa tingin mo naman ay Mali, isulat ang Mali.

1. Ang tulong bilateral ay nagmumula sa maraming bansa at organisasyon. __________________

2. Ang USAID ay isang halimbawa ng ahensiyang nagkakaloob ng tulong bilateral. __________________


3. Ang serbisyo ay tulong sa anyo ng pera. __________________


4. Ang tulong humanitaryan ay tulong na ipinagkakaloob para sa kapakanan at pangangalaga ng ibang tao. __________________

5. Ang tulong ay ipinagkakaloob din para sa mga proyektong pangkaunlaran tulad ng kalusugan at edukasyon. __________________

B. Nakalista sa ibaba ang ilang programa ng mga donor upang makatulong. Tukuyin kung ang donor ay multilateral, bilateral, o humanitaryan.


1. Tumatanggap ng ilang materyales sa pag-aaral at pagtuturo ang mga paaralan sa buong Pilipinas. Ito ay upang mapaibayo ang mga kakayahan ng mga guro. Ang proyektong ito ay tinatawag na PA–PROBE na ginagastusan ng AUSAID. __________________






2. Ang pagpaplano ng pamilya ay isang programa ng Departamento ng Kalusugan. Ang mga sentrong pangkalusugan ay nagbibigay ng impormasyon sa pagplano ng pamilya sa pamamagitan ng mga aklat, babasahin at aralin. Ang United Nations ay nagbigay ng $30 milyon sa pamahalaan at mga lokal na organisasyon na nagtataguyod ng pagpaplano ng pamilya.

   ________________





3. Masama ang naging epekto sa mga tao ng labanang nagaganap sa Mindanao. Maraming pamilya ang nawalan ng tahanan at hanapbuhay. Nag-abuloy ang Canada ng $30,000 bilang tulong sa pagkain ng mga bata sa Central Mindanao.

   ________________



4. Ang Ilog Pasig sa Manila ay isa sa pinakamaruming ilog sa bansa. Ang Asian Development Bank ay nagbigay ng pera at tulong teknikal upang linisin ang ilog.

   ________________



5. Noong sinalanta ng bagyo ang Ormoc, Leyte, ang mga volunteer mula sa Red Cross ay tumulong sa pagligtas ng mga naapektuhan ng baha. Nag-abuloy din ang Red Cross ng mga pagkain, tolda, kumot, at gamot para sa mga mamamayan ng Ormoc.

C. Basahin ang sumusunod na sitwasyon at ipaliwanag kung paano ipagkakaloob ang tulong. Ipakita kung ang tulong ay sa anyo ng kapital, kagamitan, o serbisyo.

1. Ang Barangay Bata ay isang pamayanan na maraming bata. Maraming ina ang nagnanais ng mga serbisyong pangkalusugan para sa kanilang mga anak. May pangangailangan para sa gamot at mga kasangkapang medikal sa lokal na sentrong pangkalusugan.

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

2. Ang Barangay Linis ay isang kaaya-ayang pamayanan sa tabi ng ilog. Tinitiyak ng mga residente ng Barangay Linis na palaging malinis at mahalaman ang kanilang pamayanan. Ngunit sa mga nagdaang araw, nagkaroon sila ng suliranin hinggil sa basura. Nais ng mga residente na matuto ng tamang pamamaraan nang pangangasiwa ng basura. Paano makatutulong ang tulong internasyonal sa sitwasyong ito?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

3. Ang Barangay Isda ay pamayanan ng mga mangingisda sa tabi ng dagat. Isang gabi, pininsala ng isang bagyo ang maliit na barangay. Marami sa mga mamamayan ang nawalan ng tirahan. Ang mga tao ay basa, nilalamig, at gutom. Paano makatutulong ang tulong internasyonal?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 47. Kung sa tingin mo ay may mga pagkakamali ka, huwag mag-alala! Basahing muli ang aralin upang maunawaan. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang kasagutan, napakagaling! Kung may ilang mali, huwag mag-alala! Kailangan mo lang basahin ang bahagi ng aralin na hindi mo naunawaan.

ARALIN 2


# Ang Dulot ng Tulong Internasyonal

Sa Aralin 1, natutuhan mo ang lahat tungkol sa tulong internasyonal—kung para saan ito at kung saan ito nanggaling. Ang araling ito ang magpapakita kung paano nakaapekto ang tulong internasyonal sa pang-araw-araw na buhay ng mga tao. Pagkatapos mong basahin ang aralin, inaasahang makakaya mo nang:

- Matukoy at mailarawan kung paano nakaapekto ang tulong internasyonal sa mga nakatanggap nito; at
- Masuri ang mga benepisyo at suliraning ukol sa tulong internasyonal.

## Basahin Natin Ito

Nang pumutok ang Bulkang Pinatubo noong 1991, nanalanta ito at kumitil ng maraming buhay. Maraming bansa at organisasyon ang tumulong sa mga mamamayan ng Bacolor, Pampanga. Ang tulong ay ipinagkaloob upang paunlarin ang maliliit na pamayanan. Ang Barangay Cabalantian ay isa sa mga tumanggap ng tulong para sa kaunlaran.




Makalipas ang isang taon, ang mga kapitan de barangay ng Bacolor ay nagpulong upang pag-usapan ang pag-unlad ng kanilang mga pamayanan. Kasali sa pagpupulong ay sina Kapitan Bert, Kapitan Greg, Kapitan Jose, Kapitan Ana, at ilang kasapi ng pamayanan. Sa pagpupulong...

Kapitan Bert : Salamat sa inyong pagdalo sa pagpupulong na ito. Natutuwa ako dahil narito tayong lahat upang pag-usapan ang kaunlaran para sa mga mamamayan ng Bacolor. Ngayong araw, pag-usapan natin kung ano na ang nangyayari sa ating mga barangay. Simulan natin kay Kapitan Jose ng Barangay Sikap.



Kap. Jose : Ang mga residente ng aming barangay ay malugod na nagpapasalamat sa pagdating ng mga opisyal na nagkaloob ng tulong noong rumagasa ang lahar.

Dahil sa kanila, nakatanggap kami ng mga pagkain, damit, at tolda para masilungan. Ang perang ibinigay para sa pagkain ay isang malaking tulong. Kumusta naman ang barangay mo, Greg?





Kap. Greg : Masayang-masaya ang aming mga residente dahil natuto sila ng bagong paraan para kumita ng pera. Tinuruan kami ng mga guro at siyentista mula sa ibang bansa kung paano magagamit ang lahar.

Nakagagawa kami ng mga palayok, seramiks, at hollow blocks na aming itinitinda. Nagpaplano nga kaming iangkat ang aming mga produkto sa ibang bansa.




Kap. Bert : Maganda 'yan! Sa amin namang mga residente ng Barangay Cabalantian, interesado kaming makuha ang programang pangkaunlaran ng World Bank. Alam naman ninyong lahat na dahil sa lahar, nawala ang aming mga bukid at negosyo. Ang programang ito ay magpapahintulot sa maliliit na bangkong rural at kooperatiba na magpahiram ng pera sa amin. Ito ay tutulong sa aming humiram ng kapital upang makapagpatayong muli ng maliliit na negosyo. Sa katunayan, marami na sa aming mga residente ang nakakuha nito, tulad ni Aling Cely.



Aling Cely : Tama 'yan. Dati ang sama ng loob ko dahil nawalan ako ng bahay at ng maliit na babuyan.

Pero nakahiram ako ng maliit na halaga para maitayo ang aking maliit na karinderya. Nakatulong ito para mapag-aral ko ang aking mga anak. Ang kita ko ay nakatulong din para makabili ako ng isang traysikel na ipinapasada ng aking mister para makadagdag ng kita para sa pamilya namin.



Kap. Ana : Masaya ako pagkat naging kapaki-pakinabang ang tulong doon sa iba. Pero 'di ko ito masasabi sa aking barangay. Ang mga residente ay masyadong nasanay na binibigyan ng tulong kung kaya't sila ay masyadong umasa sa pagkaing bigay tulad ng mga de-lata at bigas.



Mang Emong : Sa palagay ko, tama si Kapitan Ana. Ang ilang tao ay nasiyahang umaasa sa mga libreng pagkain at gamot na ibinigay sa amin. Sa aming evacuation center, may mga kapitbahay ako na hindi na



naghahanap ng trabaho. Umaasa na lamang sila sa mga de-latang kanilang natatanggap.


Aling Ditas : Hindi rin ako hanga diyan sa tulong pangkaunlarang 'yan. Halimbawa, tingnan natin ang programang pautang ng World Bank. Paano mababayaran ng ating bansa ang P50 milyon? Magiging utang na naman ito, sigurado ako. Dahil dito, mas malaking buwis ang ating babayaran.



Aling Sita : Tama 'yan. Narinig ko rin na tinutulungan tayo ng isang bansa sa kondisyon na sa kanila tayo bibili ng mga kagamitan at mga produktong agrikultural. Paano naman ang ating sariling produkto? Bakit mayroong mga kondisyon kung tinatawag itong tulong?



Kap. Greg : Naiintindihan ko ang nararamdaman ninyo pero tingnan natin ang magagandang naidulot ng tulong internasyonal. May pera na tayo para makabili ng mga nakasakong buhangin para baguhin ang daloy ng lahar. May mga plano ding magtayo ng isang dam, at makatutulong ito sa atin. Dagdag dito, mas maraming mga daan at tulay na gagawin.



Kap. Bert : Mga kaibigan, hindi natin kailangang pag-awayan ito. Maaari tayong magkaroon ng iba't ibang opinyon tungkol sa tulong na natanggap natin. Ang importante, magtulungan tayo upang gumanda ang ating buhay.





## Subukan Natin Ito

Sa nabasa mo, ipaliwanag kung paano nakaapekto ang tulong internasyonal sa iba't ibang barangay.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Anu-ano ang iba’t ibang opinyon ukol sa tulong internasyonal?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Pag-isipan ang iba’t ibang opinyon ng mga mamamayan ng Bacolor. Kanino ka sumasang-ayon? Ipaliwanag ang sagot mo.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48.



## Pag-isipan Natin Ito

Mayroong iba’t ibang paraan kung paano nakaaapekto ang tulong internasyonal sa ating buhay. Dito sa Pilipinas, nakatatanggap tayo ng tulong upang paunlarin ang iba’t ibang sektor ng ating lipunan tulad ng edukasyon, kalusugan, kapaligiran, at pagpapaunlad sa Mindanao. Narito ang dalawang halimbawa ng tulong pangkaunlaran sa ating bansa. Basahin kung paano nakaaapekto itong pagpapaunlad sa mga mamamayang tulad natin.



Nais ni Mayette na maging isang matagumpay na doktor. Ngunit sa kaniyang maliit na paaralan sa probinsiya, kakaunti ang mga aklat at kagamitan sa pag-aaral. Ang kanilang gusali ay luma at giba-giba na. Paano niya maaabot ang kaniyang pangarap?

Magiging kapaki-pakinabang ang tulong internasyonal. Maraming programa sa ilalim ng tulong internasyonal ay para sa pagpapaunlad ng edukasyon. Ibinibigay ang mga aklat at kagamitan sa pagtuturo. Nagpapatayo ng mga silid-aralan at paaralan sa buong bansa. Ang mga guro at mga kawani ng mga paaralan ay sinasanay sa mga pinakabagong pamamaraan ng pagtuturo.

Ang pamahalaan ay nakatanggap ng tulong internasyonal ukol sa edukasyon. Nagpahiram ang Asian Development Bank ng $53 milyon para sa Secondary Education Development and Improvement Project o proyekto sa pagpapaunlad ng edukasyong sekondarya. Isa itong proyekto na magpapaunlad sa antas ng edukasyon ng hayskul sa mahihirap na lugar sa bansa. Ang iba pang internasyonal na pautang at alay para sa programang ito ay umabot sa $57.19 milyon.

Naging kapaki-pakinabang ang tulong internasyonal sa proyektong ito. Ang mga kagamitan at aklat ukol sa mas mabisang pagtuturo ay abot-kamay na ng mga guro at prinsipal ng mga paaralan. Nakapagpatayo ng mga gusaling pampaaralan sa mga probinsiya. Mayroon nang pera na pambili ng mas maraming kasangkapan para sa mga silid-aralan, laboratoryo, silid-aklatan, at katulad.

Ano ang mga pangangailangan ni Mayette at ng iba pang mag-aaral sa Pilipinas?

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

Paano makatutulong ang tulong internasyonal upang maabot ni Mayette ang kaniyang pangarap?


________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________



Sina Delia at Ellen ay kapwa ina. Sila ay nakatira sa Baranggay Saya, isang maliit na pamayanan na walang mga klinika o programang pangkalusugan. Limang buwan na ang tiyan ni Delia. Pangatlong anak na niya ito. Nais niyang malaman ang lahat ng tungkol sa pangangalaga ng kaniyang anak at tungkol sa ligtas na pagdadalantao. Si Ellen naman ay nagnanais malaman kung paano maiiwasan ang kanser sa suso. Ang ina niya at tiyahin ay namatay dahil sa kanser sa suso.

Ngunit walang mga doktor, nars, o medikal na propesyonal ang Barangay Saya. Paano matutuhan nina Delia, Ellen at ng iba pang babae ng barangay ang tungkol sa pangangalaga ng kalusugan?

Ang *Women's Health and Safe Motherhood Project* o proyekto para sa kalusugan ng mga babae at para sa isang ligtas na pagdadalantao ay isang proyekto ng pamahalaan. Subalit upang maging mabisa ang proyektong ito, kailangan ng pamahalaan ng tulong. Kailangan ng pera para sa pagpapatayo ng mga klinika at sentrong pangkalusugan. Mayroong kakulangan sa aklat, babasahin, at iba pang kagamitan para sa dagdag-kaalaman. Kailangan din ng pera para sa sahod ng mga doktor, nars at guro.

Nakatanggap ang pamahalaan ng tulong internasyonal para sa proyektong ito. Nagtalaga ang World Bank ng halagang US$13.70 milyon para dito. Nagbigay din ng tulong ang USAID para sa programang ito. Kapag pinagsama, ang pinahiram na pera ay aabot sa humigit-kumulang sa US$120 milyon. Ngayong mayroon nang pondo ang proyektong ito, ang lokal na pamahalaan ng Barangay Saya ay may sapat nang pera upang magpatayo ng isang maliit na sentrong pangkalusugan. Linggo-linggo, makapagpapakonsulta na nang libre sina Delia at Ellen. Makakukuha rin ng libreng bitamina si Delia upang mapanatili siyang malusog at malakas. Tuwing Martes, ang mga babae ay nakikinig sa mga pagtalakay tungkol sa kanser sa suso. Ngayon, alam na ng mga babae sa Barangay Saya kung paano mapangangalagaan ang kanilang kalusugan.

Ano ang mga pangangailangang pangkalusugan ng mga babae sa Barangay Saya?

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

Nakinabang ba sa tulong internasyonal ang mga babae sa Barangay Saya?


________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 48–49




## Pag-usapan Natin Ito

Gumawa ng isang pananaliksik sa iyong pamayanan. Kausapin ang mga opisyal ng barangay. Alamin kung ang inyong pamayanan ay nakatanggap na ng tulong internasyonal. Isulat ang nakalap mong impormasyon mula sa pananaliksik. Pag-usapan ninyo ito ng iyong Instructional Manager o Facilitator.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Natutuhan mo sa Aralin 1 na ang tulong pangkaunlaran ay kalimitang patungkol sa pagpapahiram ng pera. Sumasang-ayon ka ba rito? Narito ang dalawang uri ng opinyon ukol sa tulong pangkaunlaran. Pakinggan ang mga opinyon nina Pedro Gusto at Ana Ayaw.



**PEDRO GUSTO**

Ang tulong internasyonal para sa kaunlaran ay mabuti para sa atin. Hindi makakayanan ng pamahalaan ang magpagawa ng mga karagdagang daan, paaralan, ospital, at tulay kung walang tulong mula sa ibang bansa. Ang hiniram na pera ay ginagamit sa pagpapaunlad ng kalusugan, edukasyon, kapaligiran, agrikultura, inprastraktura, at marami pang iba. Kung wala ang tulong na ito, magiging mabagal ang pag-unlad at hindi tayo makatatanggap ng mga sapat na serbisyo.



**ANA AYAW**

Hindi ako sang-ayon sa tulong internasyonal. Ang paghiram ng pera para sa pagpapaunlad ay magtutulak sa ating bansa na umasa sa utang at palalakihin lamang nito ang utang na ating binabayaran. Ang utang ay binabayaran sa pamamagitan ng buwis at pera ng pamahalaan. Ang pambayad-utang ay maaari pang magamit sa ibang layunin.

O, ano sa tingin mo? Kanino ka ba sumasang-ayon? Isulat ang sagot mo sa nakalaang patlang sa ibaba. Huwag kang mag-alala, walang tama o maling sagot dito. Ang isusulat mo ay ang sariling paniniwala ukol sa usaping ito. Upang madagdagan ang kaalaman mo ukol sa utang sa labas ng bansa, basahin ang modyul na *International Debt in the Philippine Context*. Isinalin din ito sa Filipino.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

## Tandaan Natin

Ang tulong internasyonal ay nakaaapekto sa buhay ng maraming Pilipino. Sa pamamagitan ng tulong na ito, nagkaroon ng maraming mga programang pangkaunlaran na mabuti para sa iyo at sa akin. Ang mga pamayanang mahihirap ay magkakaroon ng pera upang makapagpagpagawa ng mga paaralan, ospital, daan at tulay. Ang tulong internasyonal ay nagbibigay rin sa mga bansa ng pagkakataong tumulong sa isa't isa. Sa panahon ng krisis, nagkakaloob ang mga bansa ng mga gamot, serbisyo, pagkain, damit, at iba pang bagay.

Ngunit mayroon ding kabilang mukha ang tulong internasyonal. Ang tulong para sa kaunlaran ay patungkol sa paghiram o pag-utang ng malalaking halaga para sa mga proyekto. Naniniwala ang ibang tao na ang pag-utang ng pera ay lalong magbabaon sa ating bansa sa mas malaking utang. Ang iba naman ay naniniwala na ang pag asa sa tulong internasyonal ay magbubunga ng higit na pagkiling na umasa na lamang sa ibang bansa.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Suriin ang sumusunod na sitwasyon. Mga usapin ito tungkol sa tulong internasyonal. Isulat ang mga epekto ng tulong internasyonal. Isulat din ang iyong personal na opinyon, kung sa tingin mo ay napakinabangan ang tulong o hindi.

1. Noong 1991, ang mga tao mula sa iba't ibang panig ng mundo na nagkusang-loob na tumulong ay tumungo sa Baguio at Dagupan City upang makiramay sa mga nasalanta ng lindol. Ang mga dalubhasa mula sa ibang bansa ay dumating upang maghanap sa mga taong nawawala at sagipin ang mga nabaon sa mga guho. Ang mga taong ito ay nagtrabaho kasama ng pamahalaan ng Pilipinas.

   ____________________________________________________
   ____________________________________________________
   ____________________________________________________
   ____________________________________________________

2. Ang ELAP ay nangangahulugang Emergency Livelihood Assistance Program. Galing USAID ang pundo ng programang ito. Ang ELAP ay isang programang tutulong sa mga dating kasapi ng Moro National Liberation Front o MNLF. Ang MNLF ay isang pangkat na kumakalaban sa pamahalaan. Ang ilang kasapi nito ay ayaw nang lumaban pa at nais na nilang magkaroon ng sariling kabuhayan.

   ____________________________________________________
   ____________________________________________________
   ____________________________________________________
   ____________________________________________________

   Sa pamamagitan ng ELAP, ang dating kumander ng MNLF na si Elol Salim ay may bagong pagkakakitaan. Nag-aalaga siya ng mga halamang dagat at abalone. Ang iba namang pamilyang Muslim ay mayroon nang ibang pinagkakakitaan, tulad ng pagtatanim ng mais at pag-aalaga ng tilapia. Tinutulungan ng ELAP ang mga dating mandirigma na maging magsasaka. Sumasailalim sila sa isang pagsasanay at binibigyan ng suportang teknikal tungkol sa kung paano magpalago at magbenta ng mga ani.

   Pinahiram ng USAID ang Pamahalaang Pilipinas upang mapahiram din ito ng huli sa mga dating kasapi ng MNLF. $107.2 milyon ang inilaan ng USAID para sa Mindanao.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 49. Huwag mag-alala kung iba ang mga sagot mo. Ang gawaing ito ay para mailabas o maipahayag mo ang sariling opinyon tungkol sa tulong internasyonal.



## Ibuod Natin

Ang tulong internasyonal ay tulong na ipinagkakaloob ng mga bansa sa isa't isa. Ito ay maaaring nasa anyo ng kagamitan, serbisyo, o kapital. Ang mga may-kaloob o donor ay maaaring maging multilateral o bilateral. Ang Pilipinas ay kasali rin sa pagbigay at pagtanggap ng tulong.

Ang tulong ay ibinibigay sa panahon ng krisis tulad ng lindol, bagyo o unos, pagsabog ng bulkan, giyera, atbp. Ang tawag sa uri ng tulong na ito ay dagliang tulong o tulong sa panahon ng matinding pangangailangan. Ang tulong ay maaari ring ibigay sa isang bansa upang umunlad ang edukasyon, kalusugan, kapaligiran, agrikultura, at inprastraktura. Ang tawag dito ay tulong pangkaunlaran. Ito ay maaaring ibigay bilang isang alay o abuloy, o bilang isang utang.

Maaaring magpabago ng buhay ng maraming tao ang tulong internasyonal. Nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga bansa na maging mabuting kapitbansa at tumulong sa isa't isa sa mahihirap na sitwasyon. Ang tulong ay magagamit ng mga batang kulang sa edukasyon, mga magsasakang nagnanais kumita ng mas malaki, at mga taong may sakit na nangangailangan ng mga gamot at pangangalaga sa kalusugan. Ang tulong ay maaari ring gamitin sa pagpapatayo ng mga tulay, daan, dam, sentrong pangkalusugan, klinika, paaralan at iba pa.

Subalit ang tulong pangkaunlaran ay nangangahulugan din ng paghiram ng pera dahil ang karamihan sa tulong na ipinagkakaloob ng mga organisasyong multilateral ay utang. May mga kondisyon ding dapat sundin ang tumatanggap ng tulong. Naniniwala ang ibang tao na ang paghihintay sa tulong ay magbubunga lamang nang kaugaliang maging palaasa tayo sa ibang bansa. Dahil sa mga kadahilanang ito, hindi sang-ayon ang ibang tao sa tulong internasyonal.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Basahin ang mga sitwasyon sa ibaba. Pagkatapos, gawin ang sumusunod:

Tukuyin ang sumusunod:

- Ang uri ng tulong na kinakailangan (para sa dagliang tulong o para sa kaunlaran)
- Anyo ng tulong na ipinagkaloob (kagamitan, serbisyo, o kapital)
- Uri ng may-kaloob o donor (multilateral, bilateral o humanitaryan)

Pagkatapos matukoy, suriin ang dulot o bunga ng tulong. Isulat ang pagsusuri mo sa nakalaang patlang. Pagkatapos, ilahad ang iyong opinyon kung sa tingin mo ay kapaki-pakinabang o hindi ang tulong na ibinigay. (Bawat isa ay katumbas ng 5 puntos)

**Sitwasyon A**

Isang maliit na pamayanan sa lungsod ang Barangay Pula. Malapit ito sa isang ilog na lubhang madumi at mabaho. Malubha na ang antas ng polusyon ng ilog. Ito ay dahil lahat ng tao ay nagtatapon ng kanilang basura sa ilog. Walang lugar na tapunan ng basura. Ang mga residente ng Barangay Pula ay nagkakasakit na dahil sa pag-inom ng tubig mula sa ilog. Ang mga batang naglalaro malapit sa ilog ay nagkaroon ng maraming impeksiyon sa balat at iba pang sakit.

Ang pamahalaang lokal ay halos walang pera para sa pagpapalinis ng ilog. Ito ang dahilan kung bakit humingi ang pamahalaan ng tulong mula sa ADB. Ang ADB ay may programang pangkapaligiran. Pinahiram ng ADB ng $30 milyon ang pamahalaan upang magkaroon ito ng programang pangkapaligiran sa paglilinis ng ilog. Sa pamamagitan ng utang na ito, ang mga lokal na opisyal ng Barangay Pula ay nakabili ng mga kasangkapan para malinis ang ilog. Nagpadala rin ang ADB ng mga dalubhasa tulad ng mga inhenyero at siyentista upang tulungan ang mga residente ng Barangay Pula na mapanatiling malinis ang ilog. Sa pamamagitan ng utang na ito, isang sistema ng pagtatapon ng basura ang isinagawa. Tinuruan din ng mga guro at mga espesyalista ang residente kung paano dapat itapon ang kanilang basura.

Ngayon, alam na ng mga residente ng Barangay Pula kung paano mapananatiling malinis ang kanilang pamayanan. Alam na nila ang mga wastong pamamaraan ng pagtapon ng basura at hindi na nagkakasakit ang mga bata. Mas malinis na ngayon ang ilog at hindi na ito nangangamoy.

Uri ng tulong: ____________________________________________

Anyo ng tulong:____________________________________________

Uri ng donor:______________________________________________

____________________________________________

Bunga ng tulong: __________________________________________

____________________________________________

Opinyon mo: _______________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

**Sitwasyon B**

Isang malakas na bagyo ang sumalanta sa isang pamayanan ng mangingisda sa Silangang Samar. Maraming tao ang namatay dahil sa pagbabaha at tuloy-tuloy na pag-ulan. Maraming tao rin ang nawalan ng tahanan. Ang lokal na paaralan at klinika ay tuluyang nasira ng pag-uulan. Nangailangan ang mga tao ng pagkain, gamot, kumot at damit.

Tumugon ang Red Cross sa krisis na ito at nagpadala ng mga volunteer para sa dagliang tulong sa mga tao. Binisita ng mga doktor at nars ang mga maysakit at nagbigay sila ng mga gamot. Ang mga volunteer ng Red Cross ay tumulong sa pagpapatayo ng mga masisilungang tolda. Ang ibang bansa, tulad ng Japan at Australia, ay nagbigay ng pera para sa mga gamot at pagkain.

Ang USAID ay nag-alala rin sa mga paaralang nasira. Kaya't pinahiram nito ang pamahalaan ng $2 milyon upang maitayong muli ang mga paaralang nasalanta ng bagyo.

Dahil sa mga tulong na ito, ang mga tao ng pamayanang nabanggit ay nakatanggap ng mga gamot, pagkain, at tulong medikal. Nagtayo ng mga silungan para doon sa mga nawalan ng tahanan at nakapagpatayo ng bagong paaralan kapalit nang nasalanta ng bagyo.

Uri ng tulong: ____________________________________________

Anyo ng tulong: ___________________________________________

Uri ng donor: _____________________________________________

____________________________________________

Bunga ng tulong:___________________________________________

____________________________________________

Opinyon mo: _______________________________________________

____________________________________________

O, kumusta? Nasagot mo bang lahat ang tanong? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 49. Kung ang nakuha mo ay:

0 – 5 Dapat mong muling pag-aralang mabuti ang modyul.

6 – 7 Balikan ang mga bahagi ng modyul na hindi mo maunawaan.

8 – 9 Magaling! Balikan mo na lamang ang mga bahagi ng modyul na hindi gaanong malinaw sa iyo.

10 Napakagaling! Marami kang natutuhan mula sa modyul na ito. Maaari ka na ngayong tumungo sa susunod na modyul.

# Batayan sa Pagwawasto

**A. Anu-ano na ang mga Alam Mo?** *(pahina 2)*

1. Mali. Ang tulong internasyonal ay ipinagkakaloob para sa dagliang tulong at kaunlaran ng mahihirap na bansa.
2. Mali. Ang tulong multilateral ay nangangahulugang maraming bansa ang naghahandog ng kanilang tulong.
3. Tama.
4. Tama.
5. Mali. Ang tulong ay ibinibigay bilang isang abuloy o utang.
6. Tama.
7. Tama.
8. Mali. Ang donor ang may-kaloob ng tulong.
9. Mali. Ang recipient ang tumatanggap ng tulong.
10. Tama.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 6)*

Ang sagot mo ay dapat kahawig nito:

1. Ang mga tao ng Bacolor ay nangangailangan ng pagkain, gamot, tirahan, damit at iba pa.
2. Ang tulong internasyonal ay ibinigay ng ibang bansa at mga organisasyong internasyonal.

*Subukan Natin Ito (pahina 10)*

1. S
2. G
3. K
4. S
5. K

*Subukan Natin Ito (pp. 15–16)*

| | |
|---|---|
| 1. c | 6. h |
| 2. e | 7. g |
| 3. i | 8. f |
| 4. b | 9. a |
| 5. d | |

*Subukan Natin Ito (pahina 21)*

**Hanapin ang Salita**

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| I | L | A | G | N | U | P |
| S | Q | B | F | I | K | S |
| T | U | W | E | N | O | O |
| O | N | M | G | R | S | U |
| P | I | M | C | Z | U | L |
| L | T | D | R | X | C | I |
| K | E | E | K | N | A | B |
| R | D | M | C | F | N | H |
| U | N | C | V | E | A | Y |
| G | A | D | B | C | D | B |
| M | T | P | O | I | A | P |
| V | I | S | I | N | U | Y |
| Z | O | R | A | U | S | A |
| X | N | W | Q | A | S | G |
| E | S | E | W | E | R | T |

*Magbalik-aral Tayo (pahina 27)*

1. Ang Pilipinas ay tumutulong din sa kaunlaran ng ibang bansa bilang aktibong kasapi ng United Nations, World Bank at Asian Development Bank. Ito ay mga organisasyong tumutulong sa ibang mahihirap at papaunlad na bansa. Nangangahulugan ito na kapag tinutulungan nila ang ibang bansa, bahagi tayo ng kanilang tulong dahil tayo ay kasapi ng kanilang mga organisasyon.

2. Nagbibigay tayo ng tulong para sa dagliang pangangailangan ng mga bansa sa anyo ng kapital o pera, kagamitan at serbisyo.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 28–30)*

A. 1. Mali. Ang tulong bilateral ay ipinagkakaloob ng isang bansa sa isa pang bansa.

2. Tama.

3. Mali. Ang serbisyo ay tulong sa anyo ng paggawa ng mga bagay para sa iba.

4. Tama.

5. Tama.

B. 1. Bilateral.

2. Multilateral.

3. Humanitaryan.

4. Multilateral.

5. Humanitaryan.

C. 1. Ang tulong ay maaaring ipagkaloob sa anyo ng kagamitan, tulad ng gamot, kasangkapang medikal at iba pang produkto para sa pangangalaga ng kalusugan. Ang mga serbisyo ng mga doktor, nars at dentista ay mahalaga rin.

2. Ang tulong pangkaunlaran sa anyo ng mga serbisyo o tulong teknikal ay maaaring ibigay upang mapaganda ang kapaligiran ng Barangay Linis.

3. Ang dagliang tulong o tulong humanitaryan ay maaaring ibigay sa anyo ng kapital o pera, kagamitan, at serbisyo.

## B. Aralin 2

*Subukan Natin Ito (pp. 34–35)*

Ang bawat mag-aaral ay inaasahang magbigay ng iba't ibang kasagutan.

Narito ang isang halimbawang sagot:

1. Ang barangay ni Kapitan Jose ay nakatanggap ng tulong sa anyo ng pagkain at mga kagamitan, tulad ng mga damit at tolda sa mismong araw na sinagip ang mga nasalanta ng lahar. Ang barangay ni Kapitan Greg ay nakatanggap ng tulong sa anyo ng tulong teknikal mula sa mga guro at siyentista mula sa ibang bansa tungkol sa iba't ibang gamit ng lahar bilang pagkakakitaan. Sa kabilang dako, ang mga mamamayan ng Barangay Cabalantian ay naghihintay na makuha ang perang hinihiram mula sa World Bank upang masimulan ang kanilang mga negosyo.
2. Ilan sa mga kapitan de barangay ay masaya at kontento sa tulong internasyonal na kanilang nakamit. Ang iba naman ay hindi gaanong natutuwa dahil nakita nila na ang kanilang mga kabarangay ay masyadong naging palaasa sa tulong na ibinibigay sa kanila. Nakikita rin nila ang tulong mula sa World Bank bilang isang utang na kailangang bayaran ng pamahalaan at babayaran din ng mga tao sa pamamagitan ng buwis.
3. Sumasang-ayon ako doon sa mga naging masaya sa tulong na kanilang natanggap. Ang mga tulong na ito ay sadyang malaking ginhawa para sa ating bansa. Sa kabilang dako, dapat nating tiyakin na ang mga tulong na ito ay gagamitin din sa proyektong pinaglalaanan.

*Pag-isipan Natin Ito (pp. 35–37)*

1. Nangangailangan sina Mayette at iba pang mag-aaral sa buong bansa ng karagdagang silid-aralan, aklat, silid-aklatan, at iba pang pasilidad. May pangangailangan din sa pagsasanay ng ating mga guro at iba pang kawani ng paaralan tungkol sa mga pinakabagong pamamaraan ng pagtuturo.
2. Ang tulong internasyonal ay makatutulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng pera para makabili ng mas maraming aklat, makapagpatayo ng mas maraming silid-aralan at mga pasilidad ng paaralan at sa pagsasanay ng mga guro at kawani ng paaralan.
3. Nangangailangan ang Barangay Saya ng serbisyo ng mga doktor, nars at iba pang medikal na propesyonal. Ang mga kababaihan ng barangay na ito ay nangangailangan ng karagdagang impormasyon tungkol sa kanser at sa tamang pangangalaga sa kalusugan tuwing nagdadalantao.
4. Ang tulong internasyonal ay mapakikinabangan sa anyo ng kapital o perang magagamit sa pagbayad ng suweldo ng mga medikal na propesyonal. Makatutulong din ito sa pagpapatayo ng isang sentrong

pangkalusugan para sa mga medikal na pangangailangan ng mga tao at, kasabay nito, makapagpapakalat din ng impormasyon tungkol sa pangangalagang pangkalusugan.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 40)*

Ang bawat mag-aaral ay inaasahang magbigay ng iba't ibang kasagutan. Naririto ang ilang posibleng kasagutan:

1. Ang tulong internasyonal ay ipinagkaloob sa anyo ng mga serbisyong ibinigay ng mga volunteer sa pagsasagip o pagliligtas sa mga nasalanta. Sa tingin ko, ito ay talagang nakatulong sa mga tao sa Baguio at sa ating bansa sa panahon ng kalamidad.
2. Sa tingin ko, ang tulong na ibinigay ng dalawang organisasyon ay makatutulong sa ating mga kapatid na Muslim sa kanilang layuning magkaroon ng mas maginhawang buhay. Makatutulong din sa sitwasyon ng kapayapaan at katahimikan sa Mindanao.

## C. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 42–44)*

**Sitwasyon A**

| | |
|---|---|
| Uri ng tulong: | Programang pangkaunlaran para sa pagpapaganda ng kapaligiran. |
| Anyo ng tulong: | Kapital at serbisyo. |
| Uri ng donor: | Multilateral. |
| Bunga ng tulong: | Mas malinis na ngayon ang pamayanan. Ang mga mamamayan, lalo na ang mga bata, ay hindi na nagkakasakit. |
| Opinyon mo: | Ang tulong internasyonal na ibinigay ng ADB ay talagang nakatulong sa mga tao upang magkaroon sila ng mas malinis na kapaligiran. |

**Sitwasyon B**

| | |
|---|---|
| Uri ng tulong: | Tulong sa dagliang pangangailangan o humanitaryan at tulong pangkaunlaran. |
| Anyo ng tulong: | Kapital at serbisyo. |
| Uri ng donor: | Humanitaryan/Bilateral. |
| Bunga ng tulong: | Ang mga mamamayan ng pamayanang nabanggit ay nakatanggap ng kinakailangang pagkain, damit at gamot. Nagpatayo ng bagong paaralan kapalit ng mga nasalanta ng bagyo. |
| Opinyon mo: | Sa sitwasyong ito, dalawang organisasyon ang tumulong sa mga mamamayan ng Silangang Samar. Ang mga tulong na ipinagkaloob ay sadyang malaking tulong para sa mga mamamayan. |

## Talahuluganan

**Donor** Organisasyon o bansang tagabigay ng tulong

**Grant** Tulong na hindi kailangang bayaran

**Kagamitan** Tulong na ibinibigay sa anyo ng mga produkto, tulad ng damit, pagkain, gamot, atbp.

**Kapital** Tulong na ibinibigay sa anyo ng pera

**Loan** (Utang) Perang hiniram mula sa donor at kailangan bayaran ng recipient

**Recipient** Ang bansang tumanggap ng tulong

**Serbisyo** Tulong na ibinibigay sa anyo ng paggawa ng mga bagay para sa iba


**Tulong bilateral** Tulong na ibinibigay sa isang bansa mula sa isa pang bansa

**Tulong humanitaryan** o tulong sa dagliang pangangailangan na ibinibigay upang matiyak ang kapakanan at kalagayan ng recipient

**Tulong internasyonal** Tulong na ibinibigay ng ibang bansa at ng mga organisasyong internasyonal

**Tulong multilateral** Tulong na ibinibigay ng maraming magkakasamang bansa sa mahihirap at pagpapaunlad na mga bansa

**Tulong pangkaunlaran** Tulong na ibinibigay para sa pagpapaunlad ng inprastraktura ng bansang tumanggap nito, at pagpapaunlad sa antas ng kalusugan, kapaligiran at agham at teknolohiya ng bansang nabanggit



## Mga Sanggunian


Asian Development Bank. 2001. *Development Topics. Poverty Strategy.* <http://www.adb.org/poverty/default.asp>. 25 June 2001, date accessed.

Canadian International Development Agency. 2001. *What We Do.* <http://www.acdi-cida.gc.ca/whatwedo.htm> 28 June 2001, date accessed.

Commonwealth of Australia. 2001. *The Australian Government's Overseas Aid Program. All about AusAID.* <http://www.ausaid.gov.au/about/default.htm>. 25 June 2001, date accessed.

Global Exchange (undated). *Global Economy. The Global Rulemakers.* <http://www.globalexchange-org/economy/rulemakers>. 25 June 2001, date accessed.

International Monetary Fund. *About the IMF*. <http://www.imf.org/external/about .htm>. 25 June 2001, date accessed.

Ministry of Foreign Affairs of Japan (undated). *Japan's ODA.* <http://www.mofa.go.jp/policy/oda/>. 27 June 2001, date accessed.

The World Bank Group. 2001. *Projects* <http://www4.worldbank.org/projects/>. 26 June 2001, date accessed.